



## Kapanganakan *hanggang* 8 buwan

# MGA PARAAN NG PAG-AARAL

*Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?*

### Panimula ng Mga Paraan sa Pagkakatuto

Ang mga bata ay nakakakuha ng maraming kakayahan na tumutulong sa kanila na matuto at lumutas ng mga problema. Kabilang sa mga kakayahang ito ay ang kakayahan na makapagtuon ng pansin, kahit pa may mga pang-agaw ng pansin, upang magmasid, upang magtanong, upang kumalap ng mga impormasyon at tumuklas ng iba't-ibang paraan upang lumutas ng mga problema. Ang mga kakayahang ito ay tinatawag na paraan ng pagkakatuto.

Ang mga bata ay natututo na gumamit ng mga konsepto ng matematika tulad ng mga numero, hugis, at laki kapag lumulutas ng mga problema. Ginagamit nila ang lahat ng kanilang pandamdang upang kumalap ng mga impormasyon, punahin ang mga kaibahan at pagkakaipareho, at madalas ay naghahambing. Marahan nilang pinagmamasdan ang mga tao at mga bagay at bumubo ng palagay o hypotheses at gumagawa ng prediksyon base sa kanilang mga pagmamasid. Sila din ay gumagawa ng mga simpleng eksperimento at tinatantiya ang kalalabasan ng kanilang mga eksperimento.

Ang mga bata ay natural na mausisa. Maaaring himukin ng mga matatanda ang pagiging mausisa ng mga bata at pagkukusa sa pagtanong sa mga bata ng mga tanong na maaari nilang sagutin nang mahaba at di lang isang salita, ang pagtugon agad sa kanilang mga katanungan, at sa pagbigay ng maraming uri ng mga materyal para tumuklas. Ang mga naturang suporta ang nagpapalakas ng lumalalim ng kumpiyansa ng mga bata bilang nag-aaral at pagkusa na ipagpatuloy ang paglutas ng nakakahamon na mga problema.



Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

**MGA PARAAN NG PAG-AARAL**

## Panimula

*Anong mga kakayahan ang ginagamit ng mga maliliit na bata upang lutasin ang mga problema?*

Ang isang mahalagang kakayahan sa paglutas ng problema na nabubuo ng mga sanggol at paslit ay ang kakayahan na magbigay ng atensyon sa mga bagay na interesado sila, kahit na may mga nakagugulo. Halimbawa, ang mga batang sanggol ay maaring tumingin sa mga mata ng kanyang miyembro ng pamilya habang may tumutugtog na musika. Ang mas may edad na bata ay maaaring magpatuloy sa pag salansan ng ilang mga bloke kahit na may aayos na labada sa tabi niya. Ang kakayahang ito na pag-isipang mabuti ang isang bagay ay nakatutulong sa kanila na magmasid, mangalap ng impormasyon, bumuo ng kanilang mga karanasan sa pag-aaral at humanap ng mga solusyon sa mga problema.

- Ang mga sanggol ay nakapag-uukol ng pansin sa mga bagay at tao sa paligid nila.
- Nakapaglalaro sila ng isang laruan ng ilang minuto bago tumutok sa iba't ibang laruan.
- Ang mga sanggol ay tumututok sa laruan na hindi maabot at paulit-ulit na inaabot ito.
- Nagpapakita sila ng interes sa pagtingin sa makukulay na board book ng ilang minuto.
- Nanonood sila sa ibang mga bata na naglalaro.
- Nakapaglalatag ang mga sanggol ng mga bagay sa lalagyan, itinatapon ang mga ito at pinupuno muli ang lalagyan.
- Maaaring itigil ng mga sanggol ang kanilang mga kamay at binti sa isang sandali kapag ang matanda ay lumapit upang kausapin sila.

### **Sa mga buwan ng nagsisimula hanggang 8 buwan:**

- Ang mga sanggol ay maaaring manatiling kalmado at nakatutok sa mga tao, laruan, at tunog sa isang minuto o higit pa.
- Susuriin ng mga sanggol ang laruan sa pamamagitan ng pagkalampag, paglalagay sa kanilang bibig o sa pamamagitan ng pagtingin dito.



## Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

### MGA PARAAN NG PAG-AARAL

#### *Mga tip para sa mga pamilya na tulungan ang kanilang mga anak upang ituon ang kanilang pansin:*

- Maglaan ng oras upang kausapin ang iyong sanggol, tumingin sa mga mata. Magsabi ng ilang mga salita at pakinggan ang tunog ng iyong sanggol. Manatili kasama ang iyong sanggol ng ilang minuto sa bawat interaksyon upang siya ay magkaroon ng pagkakataon na bigyang pansin ang iyong mukha at boses.

*Ang interaksyong kasama ka ay nagbibigay sa iyong anak ng pagkakataon na magsimulang makipag-usap at matuto kung paano makipag-usap at makiramdam.*

- Magbigay ng ilang mga simpleng laruan na maaaring suriin ng iyong sanggol sa pamamagitan ng paghawak, pagkalampag at paglalagay sa kanyang bibig. Panatilihing malapit sa kanya ang mga laruan upang maabot niya ito sa kanyang sarili.
- Obserbahan ang iyong sanggol upang makita kung paano siya maglaro. Habang inuobserbahan, bigyan siya ng ilang hindi nakagagambalang oras upang tingnan kung paano niya suriin ang mga laruan sa kanyang sarili. Kapag tumingin siya sayo, maaari kang ngumiti at ilarawan kung paano niya ginagamit ang laruan, “Nakikita ko na inilalagay mo iyan sa iyong bibig. Ano ang pakiramdam nito?”

*Ang pagmamasid sa iyong anak ay nakakatulong sa iyong maintindihan kung aling pagkakatuto ang nagaganap at para angkop na makatugon kapag ang iyong anak ay tumingin sa iyo para “kumpirmahin” sa iyo.*

- Mag-alok ng ilang mga simpleng board book para sa iyong sanggol upang abutin at tingnan kasama mo. Maaari kang dumapa sa sahig kasama ang iyong sanggol upang pareho ninyong tingnan at “basahin” ang aklat nang magkasama/
- Tiyakin na magkaroon ang iyong sanggol ng ilang oras sa tahimik na lugar kung saan maaari siyang tumutok sa iyo at sa kanyang mga laruan nang walang gumagambala.

allaboutyoungchildren.org